



## INDIUM CORPORATION OF AMERICA®\EUROPE®\ASIA-PACIFIC® INDIUM CORPORATION (SUZHOU)®

### DATA SHEET UKOL SA KALIGTASAN

#### Pagtatatwa:

Ang data sheet para sa kaligtasan (safety data sheet o SDS) ay kumakatawan sa isang grupo ng pamilya ng lahat ng pinaghalong metal na pinagsama ng kaparehong flux. May ibinigay na talahanayang naglilista ng lahat ng grupo ng metal. Upang mas mahusay na mapagsilbihan ang lahat ng aming mga customer at mabawasan ang gawaing may kinalaman sa mga dokumento, ang Indium Corporation ay gumawa ng isang SDS, para sa produktong ito, upang gamitin sa loob ng United States gayundin sa ibang bansa. Ang ilan sa mga impormasyong pangregulatoryo na nilalaman nito ay maaaring hindi angkop sa bawat estado o bansa ng customer. Maliban kung inihayag, ang impormasyong pangkalusugan at pangkaligtasang isinasaad dito ay nalalapat sa lahat ng produkto. Suriin ang anumang dagdag na impormasyon na maaaring partikular sa bansa o estado kung saan ito ginagamit.

Dapat suriin ng gumagamit ang mga laman ng (SDS) na ito at alamin kung ano ang naaangkop sa mga batas ng kanyang bansa sa ilalim ng Kalusugan at Kaligtasan at isagawa ito gaya ng kinakailangan. Ang (SDS) na ito ay hindi tumutukoy sa Mga Batas sa Kalusugan at Kaligtasan ng bawat bansa. Responsibilidad ng gumagamit na alamin kung ano ang naaangkop sa kanila, kabilang ngunit hindi limitado sa pagsusuri sa anumang partikular na mga listaha ng kemikal at isagawa ang mga kinakailangan kung kailangan.

#### 1. PAGKAKAKILANLAN NG PRODUKTO AT KUMpanya

**Pagkakakilanlan ng Produkto:** INDALLOY KASAMA ANG NC-SMQ75 FLUX NA SASAKYAN

**Número ng SDS:** SDS-IN 494

**Binagong Petsa:** 28 Disyembre 2015

**Gamit ng Produkto:** Gamit pang-industriya - Hindi kailangang linisin na pandikit sa panghinang na naglalaman ng sasakyang *flux* na hinaluan ng 80-93 % na pulbos ng metal na paunang ginawang haluang-metal para sa mga gawaing paghihinang. (paghahalong hindi binigyan ng kahulugan bilang isang artikulo) Tingnan ang talahanayan ng haluang-metal para sa mga paghahalo.

#### MANUFACTURER:

##### Sa America:

The Indium Corporation of America  
1676 Lincoln Ave., Utica NY 13502  
Impormasyon: (315) 853-4900  
nswarts@indium.com

##### TELEPONO PARA SA EMERGENCY:

**CHEMTREC 24 oras**  
**USA: 1 (800) 424-9300**  
**Sa labas ng USA: +1 (703) 527-3887**

##### Sa Europa:

Indium Corporation of Europe  
7 Newmarket Ct.  
Kingston, Milton Keynes, UK, MK 10 OAG  
Impormasyon: +44 [0] 1908 580400

##### Sa China:

Indium Corporation (Suzhou), Co., Ltd.  
No. 428 Xinglong Street  
Suzhou Industrial Park  
Suchun Industrial Square  
Unit No. 14-C  
Jiangsu Province, China 215126  
Impormasyon: (86) 512-6283-4900

##### Sa Asia:

Indium Corporation of America  
Asia-Pacific Operations-Singapore  
29 Kian Teck Avenue  
Singapore 628908  
Impormasyon: +65 6268-8678

## 2. PAGKILALA SA MGA PANGANIB

### MGA PANGUNAHING DAANAN SA PAGPASOK: Nagiging sanhi ng kanser na inilista ng ahensiya

⊗Mata      ⊗Paghinga      ⊗Balat      ⊗Paglunok      NTP IARC\*      OSHA      ⊗Hindi Nakalista  
 \* Tingnan ang Seksyon 11

GHS:  
 Mga produktong may lead



dinagdag para lang sa lead

Salitang Senyales: Babala

(Mga) pahayag ukol sa panganib

- H303 Maaaring makasama kung nalunok (lead)
- H351 Pinagsususpetsahang nakakasanhi ng kanser (lead)
- H361 Pinagsususpetsahang nakapipinsala ng kakayahang magkaanak o sa sanggol na hindi pa naisisilang (naaangkop sa mga produktong may lead)
- H373 Maaaring maging sanhi ng pinsala sa mga organ sa katawan sa pamamagitan ng matagal o paulit-ulit na pagkakalantad (naaangkop sa mga produktong may lead)
- H410 Lubhang nakalalason sa buhay-tubig nang may mga pangmatagalang epekto (lead)
- EUH201A Babala! Naglalaman ng lead (naaangkop lamang sa mga produktong nakalista na may lead) Suriin ang listahan.

(Mga) pahayag sa pag-iingat

- P233 Panatiliing mahigpit na nakasara ang lalagyan
- P261 Iwasan ang paglanghap ng alikabok/usok/gas/hamog/mga singaw/spray
- P270 Huwag kumain, uminom o manigarilyo kapag ginagamit ang produktong ito
- P273 Iwasan ang pagtatapon nito sa kalikasan
- P280 Gumamit ng pamprotektang guwantes/pamprotektang damit/proteksyon sa mata/proteksyon sa mukha
- P362 Tanggalin ang nadumihang damit at labhan bago gamiting muli
- P301 + P314 KUNG NALUNOK: Kumuha ng Medikal na payo/atensyon kung masama ang iyong pakiramdam
- P302 +P352 KUNG MALAPAT SA BALAT: Hugasan nang mabuti ng sabon at tubig
- P304 + 341 KUNG NALANGHAP: Kung mahirap ang paghinga, dalhin ang biktima sa may preskong hangin at hayaang magpahinga sa isang posisyong komportableng huminga
- P305 + 351 KUNG MADAMPI SA MATA: Patuluyang banlawan ng tubig sa loob ng ilang minuto (15 minuto)

Lahat ng iba pang produkto:

(Mga) pahayag sa pag-iingat

- P233 Panatiliing mahigpit na nakasara ang lalagyan
- P261 Iwasan ang paglanghap ng alikabok/usok/gas/hamog/mga singaw/spray
- P270 Huwag kumain, uminom o manigarilyo kapag ginagamit ang produktong ito
- P273 Iwasan ang pagtatapon nito sa kalikasan
- P280 Gumamit ng pamprotektang guwantes/pamprotektang damit/proteksyon sa mata/proteksyon sa mukha
- P362 Tanggalin ang nadumihang damit at labhan bago gamiting muli
- P301 + P314 KUNG NALUNOK: Kumuha ng Medikal na payo/atensyon kung masama ang iyong pakiramdam
- P302 +P352 KUNG MALAPAT SA BALAT: Hugasan nang mabuti ng sabon at tubig
- P304 + 341 KUNG NALANGHAP: Kung mahirap ang paghinga, dalhin ang biktima sa may sariwang hangin at hayaang magpahinga sa isang posisyong komportableng huminga
- P305 + 351 KUNG MADAMPI SA MATA: Patuluyang banlawan ng tubig sa loob ng ilang minuto (15 minuto)

Pagkakategorya:

Pagiging nakakalason nang malubha, - Kategorya 4 (lead)  
 Pagiging nakalalason sa partikular na puntirang organ- paulit-ulit na pagkakalantad – Kategorya 2

Pagiging nakakakanser (Kategorya 2) (lead)

Pagiging nakalalason sa reproductibo (Kategorya 2) (lead)

Pagiging nakalalason nang malubha sa katubigan– Kategorya 1 para sa mga produktong may lead

Pagiging nakalalason nang pangmatagalan sa katubigan – Kategorya 1 para sa mga produktong may lead

### **MGA POTENSIAL NA EPEKTO SA KASULUGAN:**

**Pagkakadampi sa mata:** Maaaring maging sanhi ng iritasyon sa mata ang pagkakadampi ng materyal sa temperatura ng silid o usok mula sa materyal sa tipikal na re-flow na mga temperaturang mahigit sa 100°C.

**Paglunok:** Ang produktong ito ay may pulbos ng haluang-metal at mga organikong kemikal. Maaaring makakasama kapag nalunok.

**Paglanghap:** Maaaring maging sanhi ng lokal na iritasyon sa sistemang respiratoryo ang mga singaw o usok mula sa materyal na ito sa tipikal na re-flow na temperaturang mahigit sa 100°C.

**Paglapat sa Balat:** Maaaring maging sanhi ng iritasyon sa balat. Ang ANTIMONY ay kilalang sanhi ng dermatitis.

**Pangmatagalan:** LEAD: Ang matagalang pagkakalantad sa mga singaw o usok sa mas mataas na mga temperatura ay maaaring maging sanhi ng iritasyon sa respiratoryo at sistematikong pagkakalason dahil sa lead. Kasama sa mga sintomas ng pagkakalason sa lead ang sakit ng ulo, pagduduwal, pananakit ng tiyan, pananakit ng kalamnan at kasukasuan at pinsala sa sistemang nerbiyos, sistema ng dugo at mga kidney.

**PILAK:** Pangmatagalang pagkakalapat sa balat o pagkakalunok ng alikabok ng pilak, mga asin, o usok ay maaaring magresulta sa kondisyong kung tawagin ay Argyria, isang kondisyong may maasul-asul na kulay sa balat at mga mata.

LATA (TIN): Napatunayang nagdadagdag ng insidente ng sarcoma sa mga pagsubok sa hayop.

BISMUTH: Maaaring maging sanhi ng pinsala sa kidney.

INDIUM: Maaaring maging sanhi ng pinsala sa sistemang respiratoryo.

**TANSO:** Ang sobrang pagkakalantad sa mga usok ay maaaring maging sanhi ng lagnat dahil sa usok ng metal (pangangaligkig, pananakit ng kalamnan, pagduduwal, lagnat; panunuyo ng lalamunan, ubo, panghihina, pananamlay); malametal o matamis na panlasa; pamumutla ng balat at pagbabago sa kulay ng buhok.

**WARNING:** **Ang produktong ito ay maaaring naglalaman ng (mga) kemikal na kilala sa Estado ng California na sanhi ng kanser at/o mga depektong nauugnay sa panganganak (o iba pang pinsala sa sistemang reproductibo). (lead)**

**TANDAAN:** **Ang Indium Corporation ay hindi nagrerekomenda, gumagawa, nagbebenta o nag-eendorso ng alinman sa mga produkto nito para sa pagkonsumo ng tao.**

**Babala:** **Ang produktong ito ay maaaring may lead. Ang lead ay maaaring makasama sa iyong kalusugan. Ang batas ng Pederal ng US ay nagbabawal sa paggamit ng mga panghinang na may lead sa paggawa ng mga joint o fitting sa anumang pampribado o pampublikong sistemang patubig. Panatilihing nasa hindi naaabot ng mga bata.**

**3. NILALAMAN / IMPORMASYON SA MGA SANGKAP**

<b>Mga Bahagi</b>	<b>% wt</b>	<b>CAS Registry #/EINECS#</b>	<b>PEL mg/m<sup>3</sup></b>	<b>TLV-TWA mg/m<sup>3</sup></b>	<b>TLV-STEL mg/m<sup>3</sup></b>	
<b>LATA</b>	*	7440-31-5/231-141-8				
			(US)	2	2	-
			(EU)	N.E.	2	4
			(Canada)	N.E.	2	4
			(Singapore)	2	-	-
<b>LEAD</b>	*	7439-92-1/231-100-4	(US)	0.05	0.05	-
			(EU)	N.E.	0.15	N.E.
			(Canada)	0.05	0.05	N.E.
			(Singapore)	0.15	-	-
			(Mexico)	0.15	-	-
			(China)	-	0.05(dust) 0.03(usok)	-
<b>PILAK</b>	*	7440-22-4/231-131-3	(US)	0.01	0.1	N.E.
			(EU)	N.E.	0.1	N.E.
			(Canada)	N.E.	0.1	0.3
			(Singapore)	0.1	-	-
<b>GINTO</b>	*	7440-57-5	N.E.	N.E.	N.E.	
<b>ANTIMONY</b>	*	7440-36-0/231-146-5	(US)	0.5	0.5	-
			(EU)	0.5	-	-
			(Canada)	N.E.	0.5	1.5
			(Singapore)	0.5	-	-
			(Mexico)	0.5	-	-
			(China)	-	0.5	-
<b>GERMANIUM</b>	*	7440-56-4	N.E.	N.E.	N.E.	
<b>BISMUTH</b>	*	7440-69-9 /231-177-4	N.E.	N.E.	N.E.	

<b>INDIUM</b>	*	7440-74-8/231-180-0			
		(US)	0.1	0.1	-
		(EU)	N.E.	0.1	0.3
		(Canada)	N.E.	0.1	0.3
		(Singapore)	0.1	-	-
		(Mexico)	0.1	-	0.3
		(China)	-	0.1	0.3
<b>TANSO</b>	*	7440-50-8/231-159-6			
		(US)	0.1 (usok)	0.2 (usok)	-
		(EU)	-	0.2 (usok)	-
		(Singapore)	0.2(usok)	1(alikabok)	-
		(Mexico)	-	0.2(usok)	2
		(China)	-	0.2(usok)	0.6
				1(alikabok)	2.5
		(Canada)	-	0.2 (usok)	0.6 (usok)
<b>MANGANESE</b>	(doped)	7439-96-5	1(NIOSH)	0.2	3
		(EU)	-	1(usok)	3(usok)
		(Canada)	-	1(usok)	3(usok)
		(Singapore)	5(alikabok)	1(usok)	3(usok)
		(Mexico)	-	1(usok)	3(usok)
<b>NICKEL</b>	(doped)	7440-02-0/231-111-4			
		(US)	1	1.5	-
		(Canada)	-	1	2
		(Mexico)	-	1	-
		(Singapore)	1	-	-
		(China)	-	1	2.5
<b>POLYGLYCOL ETHER</b>	5-13	9038-95-3	N.E.	N.E.	N.E.
<b>CARBOXYLIC ACID</b>	0.5-1.0	-	N.E.	N.E.	N.E.
<b>PAGMAMAY-ARI</b>	2.5-3	-	N.E.	N.E.	N.E.

PAGTATAMA: WALANG ROSIN SA PRODUKTONG ITO GAYA NG INULAT NOONG NAKARAAN. WALANG PAGBABAGO SA ORIHINAL NA PORMULASYON MGA SANGKAP AY NANANATILING PAREHO.

N.E. = Not established (Hindi establisado)

\*Tingnan ang Talahanayan ng Haluang-metal

#### 4. MGA HAKBANG SA PAUNANG-LUNAS

- Pagkalapat sa Mata:** Ibukas ang mga talukap ng mata at sabuyan ang mata ng maraming maligamgam na tubig sa loob ng hindi bababa sa 15 minuto. Maghanap ng medikal na atensyon kung magpapatuloy ang iritasyon.
- Pagkalunok:** Kung ang pasyente ay may malay, pasukahin LAMANG ayon sa tagubilin ng mga may kasanayang tauhan. KAILANMAN AY HUWAG magbigay ng kahit ano sa pamamagitan ng bibig sa isang taong walang malay. Humanap kaagad ng medikal na atensyon.
- Paglanghap:** Dalhin sa may sariwang hangin. Kung hindi humihinga, bigyan ng artipisyal na paghinga o oxygen ng tauhang may kasanayan. Humanap kaagad ng medikal na atensyon.
- Pagkalapat sa Balat:** Tanggalin ang nadumihang damit. Hugasan ang apektadong bahagi ng sabon at tubig. Labhan ang damit bago gamiting muli. Kung patuloy ang iritasyon, maghanap ng medikal na atensyon.

#### 5. MGA HAKBANG SA PAGLABAN SA APOY

- Flash Point:** Hindi establisado. **Paraan:** Hindi establisado.
- Temperatura ng auto-ignition:** Hindi establisado.
- Mga limitasyon ng pagkakasunog:** Hindi establisado ang mga limitasyon, hindi madaling masunog.
- Mga Kagamitang Pamatay-sunog:** Gumamit ng mga pamatay-sunog na naaangkop sa mga kondisyon ng apoy sa paligid.
- Espesyal na Paglaban sa Sunog Pamamaraan:** Ang mga bumbero ay dapat na magsuot ng naaprubahan ng NIOSH na **Mga** pansariling aparato sa paghinga at buo pamproteksyong damit.

#### 6. MGA HAKBANG SA DI-SINASADYANG PAGKATAPON

- Mga Pamamaraan sa Pagkabuhos o Pagtagas:** Gamit ang spatula, salukin ang pandikit at ilagay sa plastik o garapong bubog at mahigpit na takpan. Tanggalin ang mga bahid ng tirang pandikit gamit ang mga telang trapo o tuwalyang papel na binasa ng ethyl o isopropyl alcohol. Itapon ang nadumihang mga telang trapo o tuwalyang papel alinsunod sa lahat ng Pederal, Estado, at Lokal na mga regulasyon. Sa EU, sumangguni sa Special Waste Regulations (Mga Espesyal na Regulasyon sa Dumit).

#### 7. PAGHAWAK AT PAGTATAGO

- Mga Pag-iingat sa Paghawak:** Panatiliing mahigpit na nakasara kung hindi ginagamit. Maging maingat upang maiwasan ang mga pagkatapon. Gamitin lamang gamit ang kagamitan sa produksyon na partikular na dinesinyo para sa paggamit ng pandikit na panghinang. Magsuot ng angkop na personal na pamproteksyong kagamitan habang gumagawa o humahawak ng pandikit na panghinang. Palaging maghugas ng mga kamay nang mabuti matapos hawakan ang produktong ito. HUWAG hipuin o kuskusin ang mga mata hanggang sa mahugasan na ang mga kamay.
- Mga Pag-iingat sa Pagtatago:** Itago ang produkto sa mahigpit na tinakpang mga orihinal na lalagyan sa malamig at tuyong lugar. Sumangguni sa label ng produkto para sa mga espesipikong kinakailangan sa temperatura sa pagtatago. Paikutin ang stock para masigurong magamit bago ang petsa ng expiration sa label.

## 8. MGA KONTROL SA PAGKAKALANTAD / PERSONAL NA PROTEKSYON

**Mga Kontrol sa Pag-iinhinyero:** Gamitin lamang kasama ng kagamitan sa produksyon (katulad ng mga pang-impentang stencil at mga pugon sa re-flow) nang may sapat na pagpasok ng sariwang hangin at ibang mga katangian sa kaligtasan na partikular na dinesinyo para sa paggamit sa pandikit na panghinang. Kontrolin o bantayan ang konsentrasyon ng lahat ng sangkap upang hindi lumampas ang mga antas ng pagkakalantad. Gumamit ng pasingawan ng sariwang hangin.

### Personal na Proteksyon:

**Mga Mata:** Salamin sa mata/goggles para sa kaligtasan sa kemikal. Panangga sa mukha para sa mga mapanganib na tilamsik.

**Respirator:** Ang isang naaprubahan ng awtoridad o sumusunod sa EU na namarkahang CE na respirator na nakakapaglinis ng hangin na may cartridge ng usok/organikong kemikal ay inirerekomenda sa ilalim ng ilang partikular na kondisyon (hal., kapag manwal na nag-re-reflow sa isang plato sa halip na sa isang pugon ng re-flow na nasisimuyan ng hangin) kung saan ang mga konsentrasyon ng mga nakakalat sa hangin ay inaasahang mas mataas o lalampas sa mga limitasyon sa pagkakalantad.

**Balat:** Mga tamang guwantes na matatag laban sa kemikal. Hindi inirerekomenda ang latex.

**Iba Pa:** Kasuotan sa laboratoryo, fountain ng tubig para sa paghugas ng mga mata sa lugar ng paggawa. Iwasan ang paggamit ng mga contact lens sa lugar na mataas ang antas ng usok.

**Mga Kasanayan sa Paggawa/Kalinisan:** Panatilihin ang kaayusan at kalinisan. Linisin kaagad ang mga natapong materyal. Huwag hayaan ang mga telang trapo o tuwalyang papel na nadumihan ng pandikit na panghinang na maipon sa lugar ng paggawa. Ang mabuting personal na kalusugan ay kinakailangan. Iwasan ang pagkain, paninigarilyo, o pag-inom sa lugar ng paggawa. Agad na hugasang mabuti ang mga kamay ng sabon at tubig kapag paalis na sa lugar ng paggawa. Kung gumagawa gamit ang produktong may lead, sumunod sa mga establisadong kasanayan sa patatrabaho ng OSHA/EU o ng ibang mga bansa. Suriin ang mga regulasyon upang malaman kung may iba pang mga kinakailangan ang naangkop.

## 9. PISIKAL AT KEMIKAL NA MGA KATANGIAN

<b>Hitsura:</b>	Kulay abo na pandikit.	<b>Temperatura ng Pagkulo:</b>	Hindi naaangkop.
<b>Amoy:</b>	Katamtamang katangiang amoy.	<b>Temperatura ng Pagkatunaw:</b>	Hindi naaangkop
<b>Espesipikong Gravity:</b>	0.92	<b>pH:</b>	4 – 8 (flux)
<b>Pressure ng Singaw:</b>	Hindi naaangkop.	<b>Pagkanatutunaw sa Tubig:</b>	Hindi natutunaw (pandikit)
<b>Density ng Singaw:</b>	(hangin=1) Hindi naaangkop.	<b>Flash Point:</b>	Hindi naaangkop
<b>Rate ng Pagsingaw:</b>	N/D	<b>Pagkamadaling Masunog:</b>	Walang impormasyon
<b>Pressure ng Singaw:</b>	N/D	<b>Density ng Singaw:</b>	N/D
<b>Pagkalapot:</b>	Hindi available tingnan ang data sheet ng produkto		
<b>Temperatura sa Pagkabulok:</b>	Hindi available	<b>Partition coefficient, n-octanol/tubig:</b>	N/D
<b>Relatibong Density:</b>	N/D		

## 10. KATATAGAN AT PAGIGING REACTIVE

<b>Pangkalahatan:</b>	Stable.
<b>Mga Kondisyong Dapat Iwasan:</b>	Hindi establisado.
<b>Mga Hindi Magkatugmang Materyales: Mapanganib na Pagkabulok /</b>	Iwasan ang pagkakadikit sa mga asido, base o oxidizing agent. Ang mga nakakasamang organikong usok at nakalalasang usok na oxide ay maaaring mabuo sa mataas na mga temperatura.
<b>Combustion:</b>	
<b>Mapanganib na Polymerization:</b>	Hindi mangyayari.

## 11. IMPORMASYON UKOL SA PAGKAKALASON

**Pagiging Sanhi ng Kanser:** **NTP:** 2B-inaasahan sa makatuwirang antas na isang sanhi ng kanser sa tao (lead)  
**OSHA:** 1910-1025  
**IARC:** Oo Ang lead at mga kompuwesto ng lead ay nakalista na posibleng mga sanhi ng kanser.

**LD50:** Hindi establisado. **LC50:** Hindi establisado.

**Iba Pa:** Pagiging Nakakalason nang May Pangmatagalang Epekto: Ang lead ay maaaring maging sanhi ng potensyal na pinsala sa nabubuong fetus.

## 12. IMPORMASYONG PANG-EKOLOHIYA

Ang produktong ito ay naglalaman ng mga sangkap na nakakasama sa mga organismong pangkatubigan. Ang produkto ay hindi nasubok.

Naglalaman ng 5.6-11.9% ng sangkap na itinuturing na matinding sanhi ng polusyon sa karagatan.

Ang pangkapaligiran panganib ay hindi matatanggal sa panahon ng hindi maayos na paghawak, hindi tamang paggamit o pagtapon ng materyal na ito. Ang produktong ito ay naglalaman ng mga sangkap na nakakasama sa kapaligiran ng katubigan.

## 13. PAGESASAALANG-ALANG SA PAGTAPON

**Pamamaraan sa Pagtapon ng Dumit:** Ang retasong haluang-metal ay karaniwang may halaga. Kumontak ng komersyal na reclaimer para sa pagre-recycle. Kung hindi man, itapon alinsunod sa lahat ng Pederal, Estado at Lokal na mga regulasyong pangkapaligiran. Sa Europa, sundin ang Mga Espesiyal na Regulasyon sa Pagtatapon ng Dumit (Special Waste Regulations). Ang produkto ay maaaring may kahalagahan sa kanyang pagbalik sa mabuting kalagayan. Ang pangkapaligiran panganib ay hindi mababalewala kapag may nangyaring hindi propesyonal na paghawak o pagtapon. Naglalaman ng: 5.6-11.9% ng sangkap na itinuturing na matinding sanhi ng polusyon sa karagatan. Ang produkto ay hindi nasubok.

## 14. IMPORMASYON SA PAGBIBIYAHE

Ibiyahe alinsunod sa naangkop na mga regulasyon at pangangailangan.

Hindi sakop ng regulasyon sa ilalim ng USDOT o IATA per 49 CFR 171.4 ( c ).

IMDG:

UN 3077, Environmentally Hazardous Substances, Solid, N.O.S., 9, PG III (alkylphenol)

Sanhi ng Polusyon sa Karagatan: naglalaman ng malubhang sanhi ng polusyon sa karagatan.





## 15. IMPORMASYONG PANREGULASYON

Ang mga impormasyon sa Safety Data Sheet ay sumusunod sa mga kinakailangan ng United States Occupational Safety and Health Act at mga regulasyong isinasakatuparan sa ilalim nito (29 CFR 1910.1200 ET. SEQ.).

Ang produktong ito ay inuri alinsunod sa mga regulasyon ng Mexico, NOM-018-STPS-2000 and NOM-101-STPS-1999.

Ang produktong ito ay inuri alinsunod sa mga pamantayan hinggil sa panganib ng Canadian Controlled Products Regulation (CPR).

WHMIS: D2A-Mga Materyales na Sanhi ng Ibang Nakalalasang Epekto-Lubhang Nakalalasang Materyal (Pangmatagalan) (lead).



Ang produktong ito ay inuri alinsunod sa mga alituntuning itinakda ng Dept. of Industrial Health ng Republic of Singapore.

Ang produktong ito ay inuri gamit ang Chinese Occupational Exposure Limit for Hazardous Agents in the Workplace, GBZ2-2002.

Para sa pagsunod sa Direktiba ng EU 2002/95/EC, Restriction of Hazardous Substances (RoHS) tingnan ang Talahanayan ng Haluang-metal.

Philippines Inventory of Chemicals and Chemical Substances – 2000 [ $< 5\%$  ng mga sangkap ay hindi nakalista]

California PROP 65 Safe Drinking Water Standard: BABALA:

Ang produktong ito ay naglalaman ng (mga) kemikal na kilala sa Estado ng California na sanhi ng kanser at/o depektong kaugnay sa panganganak (o ibang pinsala sa sistemang reprodutibo). (lead)

SARA 313 Listing - 40 CFR 372.65

Lead CAS# 7439-92-1

Pilak CAS# 7440-22-4

Antimony CAS# 7440-36-0

Tanso CAS# 7440-50-8

EPA Genetic Toxicology Program – Lead CAS# 7439-92-1

Lahat ng sangkap ay nakalista sa EPA TSCA Inventory.

Ang ilang sangkap ay nakalista sa Canadian Domestic Substance List. Hindi mahigit sa 2.2 % ayon sa timbang ang nakalista sa Non-domestic na listahan ng mga sangkap.

### Japan:

Poisonous and Deleterious Substance Control Law (PDSCL): Walang mga sangkap ang nakalista.

Fire Service Law (FSL): Walang regulasyon/hindi mapanganib.

Industrial Safety and Health Law (ISHL): ang mga sangkap ay hindi nakalista

PRTR and Promotion of Chemical Management law, Class I Substance: Hindi naaangkop.

Waste Disposal and Public Cleaning Law: Espesipikong Nakasasama na mga Basurang Pang-industriya: Ang ibang mga laman ng mga grupo ng pamilya ay maaaring may lead sa loob ng pandikit na panghinang. Suriin ang talahanayan ng haluang-metal at label ng produkto/ binili at ginamit.

Class II Designated Chemical Substances: Walang mga sangkap ang nakalista.

Ang mga sangkap ay nakalista sa Japanese Inventory Chemical Substance List/Industrial Safety at Health Law Substance List.



**(Timplang haluang-metal na hinalo sa flux)**

<b>Indalloy Timpla ng Metal</b>	<b>%Lata Sn</b>	<b>%Pilak Ag</b>	<b>%Lead Pb</b>	<b>%Antimony Sb</b>	<b>%Indium In</b>	<b>%Tanso Cu</b>	<b>%Ginto Au</b>	<b>%Germanium Ge</b>	<b>%Bismuth Bi</b>	<b>RoHS* 2 Pagsunod</b>
<b>9 (70Sn/18Pb/12In)</b>	56-65.1	-	14.4-16. 7	-	9.6-11	-	-	-	-	HINDI
<b>42 (46Bi/34Sn/20Pb)</b>	27.2-31.6	-	16-18.6	-	-	-	-	-	36.8-42.8	HINDI
<b>97 (43Sn/43Pb/14Bi)</b>	34.4-40	-	34.4-40	-	-	-	-	-	11-13	HINDI
<b>100 (62.6Sn/37Pb/0.4Ag)</b>	50-58.2	0.32-0.37	29.6-34. 0	-	-	-	-	-	-	HINDI
<b>104 (Sn62/36Pb/2Ag))</b>	49.6-57.7	1.6-1.9	28.8-33. 5	-	-	-	-	-	-	HINDI
<b>106 (Sn63/37Pb)</b>	50.4-58.6	-	29.6-34. 4	-	-	-	-	-	-	HINDI
<b>109 (60Sn/40Pb)</b>	48-55.8	-	32-37.2	-	-	-	-	-	-	HINDI
<b>118 (90Sn/10Pb)</b>	72-83.7	-	8 -9.3	-	-	-	-	-	-	HINDI
<b>121 (96.5Sn/3.5Ag)</b>	77.2-89.7	2.8-3.3	-	-	-	-	-	-	-	OO
<b>122 (95Sn/5Pb)</b>	76-88	-	4-4.7	-	-	-	-	-	-	HINDI
<b>127 (60Pb/37Sn/3Ag)</b>	29.6-34.4	2.4-2.8	48-55.8	-	-	-	-	-	-	HINDI
<b>130 (60Pb/40Sn)</b>	32-37.2	-	48-55.8	-	-	-	-	-	-	HINDI
<b>131 (97Sn/3Sb)</b>	77.6-90	-	-	2.4-2.8	-	-	-	-	-	OO
<b>132 (95Sn/5Ag)</b>	76-88	4-4.7	-	-	-	-	-	-	-	OO
<b>133 (95Sn/5Sb)</b>	76-88	-	-	4-4.7	-	-	-	-	-	OO
<b>133 (95Sn/5Sb) doped w/Nickel</b>	76-88	-	-	4-4.7	-	-	-	-	-	OO
<b>141 (70Pb/30Sn)</b>	24-27.9	-	56-65	-	-	-	-	-	-	HINDI
<b>143 (90Pb/10Sb)</b>	-	-	72-83.7	8-9.3	-	-	-	-	-	OO+

149 (80Pb/20Sn)	16-18.6	-	64-74.4	-	-	-	-	-	-	HINDI
151 (92.5Pb/5Sn/2.5Ag)	4-4.7	2-2.3	74-86	-	-	-	-	-	-	OO+
155 (90Pb/5Ag/5Sn)	4-4.7	4-4.7	72-83.7	-	-	-	-	-	-	OO+
156 (90Sn/10Ag)	72-83.7	8.3-9.2	-	-	-	-	-	-	-	OO
159 (90Pb/10Sn)	8-9.3	-	72-83.7	-	-	-	-	-	-	OO+
<b>Indalloy</b>	<b>%Lata</b>	<b>%Pilak</b>	<b>%Lead</b>	<b>%Antimony</b>	<b>%Indium</b>	<b>%Tanso</b>	<b>%Ginto</b>	<b>%Germanium</b>	<b>%Bismuth</b>	<b>RoHS* 2 Pagsunod</b>
160 (97Sn/3Cu)	77.6-90.2	-	-	-	-	2.4-2.8	-	-	-	OO
161 (97.5Pb/2.5Ag)	-	2-2.3	78-90.7	-	-	-	-	-	-	OO+
163 (95.5Pb/2.5Ag/2Sn)	1.6-1.9	2-2.3	76.4-88.8	-	-	-	-	-	-	OO+
164 (92.5Pb/5In/2.5Ag)	-	2-2.3	74-86	-	4-4.7	-	-	-	-	OO+
165 (97.5Pb/1.5Ag/1Sn)	0.80-0.93	1.2-1.4	78-90.6	-	-	-	-	-	-	OO+
171 (95Pb/5Sn)	4-4.7	-	76-88	-	-	-	-	-	-	OO+
175 (95Pb/5Ag)	-	4-4.7	76-88	-	-	-	-	-	-	OO+
182 (80Au/20Sn)	16-18.6	-	-	-	-	-	64-74.4	-	-	OO
183 (88Au/12Ge)	-	-	-	-	-	-	70-81.8	9.6-11.2	-	OO
209 (65Sn/25Ag/10Sb)	52.0-60.5	20-23.3	-	8.0-9.3	-	-	-	-	-	OO
228 (88Pb/10Sn/2Ag)	8-9.3	1.6-1.9	70-82	-	-	-	-	-	-	OO+
233 (85Pb/10Sb/5Sn)	4-4.7	-	68-79	8-9.3	-	-	-	-	-	OO+
240 (46Sn/46Pb/8Bi)	36.8-42.8	-	36.8-42.8	-	-	-	-	-	6.4-7.4	HINDI

Indalloy	%Lata	%Pilak	%Lead	%Antimony	%Indium	%Tanso	%Ginto	%Germanium	%Bismuth	RoHS* 2 Pagsunod
241 (SAC387) (95.5Sn/3.8Ag/0.7Cu)	76.4-88.8	3-3.5	-	-	-	0.56-0.65	-	-	-	OO
242 (89.5Pb/10.5Sn)	8.4-9.8	-	71.6-83	-	-	-	-	-	-	OO+
244 99.3Sn/0.7Cu	79.4-91.4	-	-	-	-	0.56-0.65	-	-	-	OO
246 (SAC405) (95.5Sn/4Ag/0.5Cu)	76.4-88.8	3.2-3.7	-	-	-	0.4-0.47	-	-	-	OO
254 (86.9Sn/10In/3.1Ag)	69.5-8.80	2.48-2.88	-	-	8.0-9.3	-	-	-	-	OO
255 (55.5Bi/44.5Pb)	-	-	35.6-41.4	-	-	-	-	-	44.4-51.6	HINDI
256 (SAC305) (96.5Sn/3Ag/0.5Cu)	77.2-89.7	2.4-2.8	-	-	-	0.4-0.47	-	-	-	OO
258 (SAC105) (98.5Sn/1 Ag/0.5Cu) doped with Mn	81.8-90.6	0.83-0.92	-	-	-	0.42-0.46	-	-	-	OO
259 (Sn90/Sb10)	72-83.7	-	-	8-9.3	-	-	-	-	-	OO
281 (58Bi/42Sn)	33.6-39	-	-	-	-	-	-	-	46.4-53.9	OO
282 (57Bi/42Sn/1Ag)	33.6-39	0.8-0.93	-	-	-	-	-	-	45.6-53	OO
Indalloy	%Lata	%Pilak	%Lead	%Antimony	%Indium	%Tanso	%Ginto	%Germanium	%Bismuth	RoHS* 2 Pagsunod
<b><u>Hindi Standard na mga Timpla ng Haluang-metal</u></b>										
NS (Sn96/Ag4)	76.8-89.3	3.2-3.7	-	-	-	-	-	-	-	OO
NS	77.6-90.2	2-2.3	-	-	-	0.4-0.47	-	-	-	OO

<b>(97Sn/2.5Ag/0.5Cu)</b>										
NS (83.1Bi/11.9Ag/4.3Sn/ 0.7Sb)	3.6-4	9.9-10.9	-	0.58-0.64	-	-	-	-	69-76.5	OO
NS 83.2Bi/10.51Ag/6.29Sn	5-5.8	8.4-9.8	-	-	-	-	-	-	66.6-77	OO
NS (85.44Bi/4.67Sn/9.89Ag)	3.88-4.3	8.2-9.1	-	-	-	-	-	-	70.9-78.6	OO
<b>Indalloy Timplang Metal</b>	<b>%Lata Sn</b>	<b>%Pilak Ag</b>	<b>%Lead Pb</b>	<b>%Antimony Sb</b>	<b>%Indium In</b>	<b>%Tanso Cu</b>	<b>%Ginto Au</b>	<b>%Germanium Ge</b>	<b>%Bismuth Bi</b>	<b>RoHS* 2 Pagsunod</b>
NS (86.2Bi/3.7Sn/ 10.1Ag)	3.1-3.4	8.4-9.3	-	-	-	-	-	-	71.5-79.3	OO
NS (86.24Bi/10.02Ag/3.74 Sn)	3-3.4	8-9.3	-	-	-	-	-	-	71.6-79.3	OO
NS (90.8Bi/5.5Ag/3.7Sn)	3.07-3.4	4.57-5.06	-	-	-	-	-	-	75.4-83.5	OO
NS (96Pb/3Sn/1Ag)	2.4-2.79	0.8-0.93	76.8-89. 3	-	-	-	-	-	-	OO+
NS (92.2Pb/5Sn/Ag2.5/Cu 0.3)	4-4.7	2-2.3	73.8-85. 7	-	-	0.24-0.28	-	-	-	OO+
<b>Iba Pa</b>										
Sakop ng mga timplang metal mula 80-95Sn/1-3Ag/2-4Cu Hindi espesipikong isinaad. Ang iba ay maaaring may lamang dopent Co										OO

- **RoHS 2 Pagsunod (2011/65/EU)**

+ Tingnan ang anumang naaangkop na mga hindi saklaw hinggil sa lead na maaaring mailapat.